# Walang pag-aayuno sa dalawang araw: Al-Fitr [Eid pagkatapos sa buwan ng Ramadhan] at Al-Adha [Eid sa ika sampung-araw ng Hajj],At walang pagdarasal pagkatapos ng Subh hanggang sa sumikat ang araw,at wala sa pagkatapos ng Asr hanggang sa paglubog,at Walang pagtitiyak sa paglalakbay maliban sa tatlong Masjid,Masjid sa Meccah,at Masjid Al-Aqsa at sa Masjid kong ito.

Ayon kay Abe Sa`īd Al-Khudrīy, malugod si Allah sa kanya-At siya ay mandarambong kasama ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ng labindalawang beses na pandarambong,Nagsabi siya:Narinig ko ang apat na bagay mula sa Propeta pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-at namangha ako rito.Nagsabi siya: Hindi maglalakbay ang babae sa tagal nadalawang araw maliban kung kasama niya ang asawa niya o ang mahram [kamag-anak] niya,at walang pag-aayuno sa dalawang araw;Al-Fitr at Al-Adha,at walang pagdarasal pagkatapos ng Subh hanggang sa pagsikat ng araw,at wala sa pagkatapos ng Asr hanggang sa paglubog,At Walang pagtitiyak sa paglalakbay maliban sa tatlong Masjid,Masjid sa Meccah,at Masjid Al-Aqsa at sa Masjid kong ito.
[Tumpak] [Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy]

Ipinapaalam ng tagasalaysay buhat kay Abe Said-malugod si Allah sa kanya-Na si Aba Said Al-Khudri-malugod si Allah sa kanya-ay nakapagdarambong kasama ang Propeta pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ng labindalawang beses na pandarambong.Ang sabi ni Abu Said: Narinig ko ang apat na bagay mula sa Propeta pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-Namangha ako rito;Ibig sabihin;Na si Abe Said malugod si Allah sa kanya ay nakarinig mula sa Propeta pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ng Hadith na may apat na panuntunan,namangha siya dahil rito-malugod si Allah sa kanya- Ang unang panuntunan: Sinabi niya; Hindi maglalakbay ang babae sa tagal na dalawang araw maliban kung kasama niya ang asawa niya o ang mahram [kamag-anak] niya" Ibig sabihin ay;Hindi ipinapahintulot sa babae ang paglalakbay na walang Mahram,At ang mga Mahram ay:Ang asawa niya o sinumang ipinagbawal na maikasal sa kanya magpakailanman,tulad ng Ama,lolo,anak,kapatid,tiyuhin[ sa ama],tiyuhin [sa ina],at ang tagal ay dalawang araw na may sukat na walumpong kilo metro,At sa isang salaysay:Hindi ipinapahintulot sa isang babae na maglakbay sa tagal ng isang araw at isang gabi maliban kung may kasama na Mahram [ asawa,o kamag-anak na hindi ipinapahintulot ang pagpapakasal sa kanya

magpakailanman] sa kanya" At sa isang salaysay:"Sa tagal na isang araw" At sa isang salaysay: " Sa tagal na isang gabi" At sa isang salaysay:" Hindi ipinapahintulot ang paglalakbay ng isang babae sa tagal na tatlong maliban kung kasama niya ang Mahram" At sa salaysay ni Abe Dawud "Koreo", Nagsabi si Imam Annawawi:Kaawaan siya ni Allah-(Hindi ibig sabihin ng paglimitado ay batay sa nabanggit lamang,datapuwat ang lahat na tinatawag na paglalakbay,ang babae ay hindi pinapahitulutan rito maliban kung kasama niya ang kanyang mahram,at kaya lamang inilagay ang mga nabanggit na limitado dahil sa kadalasang nangyayari,kaya hindi pinagbabasihan ang kahulugan nito) at ito ay kapag hindi sa [kalagayan na may] matinding pangangailan,Kapag matindi ang pangangailangan,ipinapahintulot sa kanya ang paglalakbay,Tulad ng: Kapag siya ay yumakap sa Islam sa lugar ng mga hindi mananamalataya o sa lugar ng digmaan at natakot siya sa sarili niya na manatili sa pagitan ng mga hindi mananampalataya,Sa kalagayang ito,ipinapahintulot sa kanya ang paglalakbay na mag-isa.Ang ikalawang panuntunan:"At walang pag-aayuno sa dalawang araw;Al-Fitr at Al-Adha"ibig sabihin: Hindi ipinapahintulot ang pag-aayuno sa araw Eid Al-Fitr at Al-Adha,maging ito man ay pambayad sa anumang nakaligtaan niya o dahil sa Panata,Kapag nag-ayuno siya sa dalawang ito o sa isa rito,hindi siya gagantimpalaan at magkakasala siya ginawa niya kung ito ay sinasadya,At naisalaysay sa Hadith:(Ipinagbawal niya ang pag-aayuno sa dalawang araw na ito,Kapag sa araw ng Adha,Kakain kayo mula sa laman ng mga nakatay ninyo [ bilang pag-aalay].At sa araw ng Al-Fitr,ay ang pagkain ninyo mula sa Pag-aayuno ninyo) At ang dahilan ng pagpipigil sa araw ng Adha: Dahil sa pagkatay at pagkain sa Hady [hayop na inaalay ng nagsasagawa ng Hajj] at Udhiya [hayop inaalay sa araw ng hajj],at ipinag-uutos sa mga tao ang pagkain nila ng Hady [hayop na inaalay ng nagsasagawa ng Hajj] at Udhiya [hayop inaalay sa araw ng hajj],Kaya`t hindi nararapat sa kanila na pagtuunan nila ng pansin ang pag-aayuno at talikuran ang pagkatay at pagkain na kung saan ay siyang nakikitang palatandaan ng Islam,At ang dahilan ng pagbabawal [ ng pag-ayuno] sa Eid Al-Fitr: Ay nasa pangalan na nito,at kabilang sa kainam-inam nito ay ang pagiging Muftir ng tao rito [pagpapahintulot sa kanya sa pagkain at pag-inom] at hindi ang pag-aayuno,At gayundin dito ay may pagkakaiba,at pagpapahiwalay sa pagitan ng buwan ng Ramadhan at Shawwal,kaya`t nararapat na kumain siya. Ang ikatlong Panuntunan: " At walang dasal pagkatap[os ng Subh" Ang hayag sa Hadith: Ang hindi pagpapahintulot sa dasal na kusang-loob pagkatapos ng pagsikat ng bukangliwayway,Ngunit ang hayag na ito ay hindi ang nais na ipinapahiwatig,Sapagkat ang ibang katibayan ay nagpapatunay sa kaibig-ibig ng dalawang tindig pagkatapos ng pagsikat ng bukangliwayway,Na kung saan ito ang bagay na napagkaisahan,At hindi ipinapahintulot ang pagdarasal pagkatapos ng dasal ng Fajr,At pinapatunayan sa [napapaloob na]salitang ito ang salaysay ni Abe Said Al-Khudri ayon kay Imam Al-Bukhari: "At walang Pagdarasal pagkatapos ng dalawang dasal;Pagkatapos ng Asr hanggang sa paglubog ng araw,At pagkatapos ng Subh hanggang sa pagsikat ng araw" at sa salaysay ni Imam Muslim: " Walang pagdarasal pagkatapos ng dasal ng Fajr". " At wala sa pagkatapos ng Asr hanggang sa paglubog" ibig sabihin ay;hanggang sa paglubog ng araw,Kapag nagdasal ang tao sa dasal na Asr,pigilan niya ang pagdasal ng kusang-loob,Ngunit ang pagbayad sa mga nakaligtaang dasal,ay hindi ipinagbabawal ang pagsasagawa nito pagkatapos ng dasal na Asr,dahil sa pag-oobliga ng pagmamdali sa pagpapahayag ng kalayaan niya [sa kawalan ng pananagutan].At ang ika-apat na Panuntunan: "At Walang pagtitiyak sa paglalakbay maliban sa tatlong Masjid,Masjid sa Meccah,at Masjid Al-Aqsa at sa Masjid kong ito." Ibig sabihin ay: Hindi gagawa ang isang tao ng layuning paglalakbay sa lupalop ng kalupaan na may

layuning pagsamba sa Allah-Kamahal-mahalan siya at Kapita-pitagan-rito,O dahil sa kalamangan nito at kainaman nito at pagiging banal nito laiban sa Tatlong Masjid na ito:Kaya`t walang pagkakasala sa paglayun ng paglalakbay sa [mga lugar] na ito,Batay sa nakasulat sa Hadith.

https://sunnah.global/hadeeth/tl/show/10603